ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVII Blg. 9
Mayo 7, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Protesta at pakikibakang masa pagkatapos ng eleksyong 2016

Ang malawak na dayaan at maniobrahan sa napipintong reaksyunaryong eleksyon ay lumilikha ng sitwasyong makapagbubunsod ng malawak na mga protestang kontra-daya. Dudugtong ito sa sumusulong nang mga demokratikong pakikibaka.

Mahigpit na sinusubaybayan ng mamamayang Pilipino ang eleksyon sa Mayo 9 dahil pagkakataon itong tapusin na ang paghahari ng rehimeng US-Aquino. Inip na inip silang lisanin ni Benigno Aquino III ang Malacañang upang papanagutin siya sa malakihang korapsyon, karahasan ng estado, pagpapakapapet sa US at maraming iba pang krimen at kasalanan niya sa bayan.

Sinalamin ng kampanya sa eleksyon ang malawak na galit ng bayan kay Aquino. Sa kabila ng todo-buhos na paggamit ng malaking rekurso ng estado, ang kandidato niyang si Mar Roxas ng naghaharing Liberal Party ay palaging nahuhuli sa karamihan ng mga sarbey. Sa kabilang panig, upang makuha ang suporta ng mga botante, nagpapaligsahan ang mga karibal na partido sa kanilang propaganda na anti-Aquino.


Mahigpit na binabantayan ng bayan ang mga maniobra para iupo si Roxas. Batid nilang bahagi iyon ng plano ng rehimeng Aquino na palawigin ang kapangyarihan nito. Kung mailuluklok si Roxas, patuloy na makikinabang ang mga Aquino-Cojuangco sa burukrata-kapitalistang paggamit sa kapangyarihan ng estado para paburan ang kanilang negosyo at ng kanilang mga kasosyong malalaking burgesyang komprador.

Ang mga maniobra para iupo si Roxas ay nakasentro sa paggamit ng dekompyuter na eleksyon (AES o *automated election system*) na kontrolado ng Comelec at ng US. Ito rin ang ginamit noong 2010 para manalo ang paborito ng US na si Aquino.

Ang AES ay isang kontra-demokratikong sistema na nag-aalis ng karapatan ng mga botante na bilangin ang kanilang boto. Ang pagbibilang ay ipinagkatiwala sa dayuhang kumpanyang Smartmatic na nasangkot sa mga anomalya sa eleksyon sa US at ibang bansa. Hindi bukas sa publiko ang laman ng mga kompyuter at ng sistema ng pagpapatakbo nito. Sa mga pagsubok sa mga makina, kaliwa't kanan ang mga problemang lumilitaw, kabilang na ang maling pagtala sa boto, lalo na sa presidente at bise presidente.

Si Roxas ang pinakagusto ng interbensyunistang US. Bagaman ang ibang kandidato ay nagtataguyod rin ng mga patakarang pabor sa US at maka-neoliberal, para sa embahada ng US mas pabor silang umupo si Roxas dahil anila'y "mas maganda ang pagpapatuloy kaysa pagbabago."





Ilang araw bago ang eleksyon, malinaw nang ikinakasa ng Yellow Army na mga espesyalista sa PR *(public relations)* at midya ni Aquino ang senaryo para palabasing bumubwelo ang suporta para kay Roxas at makauungos sa mismong eleksyon. Sa mga kontrolado nilang pasarbey, pinalalabas na nasa ikalawang pwesto na si Roxas. Pinalalaki ang ganitong senaryo sa hangad na gawing kapanipaniwala ang pagmaniobra ng panalo ni Roxas sa eleksyon.

Habang ang malaking kontrol sa AES ay nasa kamay ng naghaharing Liberal Party, ang mga kompyuter ng Comelec/Smartmatic ay bulnerable rin sa pag-atake ng iba't ibang grupo. Pinatunayan ito kamakailan nang magawang pasukin ng isang maliit na grupo ang *website* ng Comelec at kunin at palaganapin sa internet ang buong *database* nito (na naglalaman ng impormasyon tungkol sa lahat ng rehistradong botante). Higit na mas malaki ang kakayahan rito ng mga grupong pwedeng buuin at pondohan ng magkakaribal na grupo o partido.

Ang napipintong eleksyon ay lalong magpapalala ng paksyunal na pagkakabitak ng mga naghaharing uri. Ang manalo si Mar Roxas sa malawakang pandaraya sa pamamagitan ng AES ay tiyak na magbubuklod sa iba't ibang magkakaribal na partido at kandidato, pati na ang malawak na mga pwersang demokratiko at progresibo sa isang alyansang magbubunsod ng mga protestang masang kontra-daya.

Sa kabilang panig, ang pagpanalo ng ibang kandidato ay hindi katiyakan na mabubuo ang konsensus o na magiging katanggap-tanggap ito sa buong naghaharing uri. Ngayon pa lamang, nagbanta na ang mga tagasuporta ng ibang kandidato na mangunguna ng "rebolusyon" kung hindi manalo ang kanilang manok.

Para sa sambayanang Pilipino at rebolusyonaryong kilusan, dapat samantalahin ang ribalan ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri sa layuning maisulong ang interes at kapakanan ng masang anakpawis. Dapat nilang ilantad, batikusin at labanan ang malawakang dayaan sa eleksyon upang mailantad ang kabulukan ng buong reaksyunaryong eleksyon at naghaharing sistema.

Kaakibat ng pagbatikos sa dayaan at maniobrahan sa reaksyunaryong eleksyon, dapat isulong ng sambayanan ang kanilang pakikibaka para wakasan ang mga pahirap at mapang-aping patakarang neoliberal. Dapat paalingawngawin nila ang sigaw para ibalik ang sistema ng pambansang minimum na sahod, itaas ang sahod, wakasan ang kontraktwalisasyon, isulong ang tunay na reporma sa lupa, ibasura ang K-12 at EDCA, wakasan ang Oplan Bayanihan at isulong ang usapang pangkapayapaan.

Dapat kaagad nilang hamunin ang sinumang mauupo o anumang gubyernong mabubuo pagkatapos ng eleksyon. Dapat palakasin ng sambayanan ang kanilang organisadong lakas sa mga pabrika at kampus, sa mga maralitang komunidad sa kalunsuran at sa kanayunan. Dapat nilang palakasin ang kanilang mga pakikibaka laban sa kahirapan, kagutuman at pambubusabos.

Tiyak na haharapin ng susunod na reaksyunaryong gubyerno ang lalong pag-igting ng mga pakikibaka ng masa ng sambayanan. Ang lalong pagsidhi ng pandaigdigang krisis ng kapitalismo ay lalong nagpapalala at nagpapalalim sa krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan at nagtutulak sa mamamayan na tahakin ang landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. AB


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 9 | Mayo 7, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


**Editoryal:** Protesta at paglaban pagkatapos ng eleksyon 1

Mayo Uno, ginunita 3

Kabulaanan ng minimum na sahod 4

"Endo" at kontraktwalisasyon 4

Barikada kontra-kontraktwalisasyon 4

18 sundalo, patay sa NSamar 5

6 na armas, nasamsam sa Davao 5

Mga bihag-ng-digma, pinalaya 6

Pagsasanay-medikal para sa digmaan 7

Mga sibilyan, pinatay ng militar 8

Korapsyon sa ilalim ng neoliberalismo 9

Abuso sa mga batang Palestino 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Mayo Uno, ginunita


Sa ngalan ng supertubo, ang pangangailangan ng mga manggagawa ay binabalewala, ang kanilang karapatan ay nilalabag at inaatake ang kanilang dignidad—ito ang deklarasyon ni Elmer Labog, tagapangulo ng Kilusang Mayo Uno, sa paggunita ng uring manggagawa sa ika-113 taon ng Pandaigdigang Araw ng Paggawa nitong Mayo 1.

Mula sa Welcome Rotonda nagmartsa patungong Mendiola ang libu-libong manggagawa at mga organisasyon. Panawagan nila ang pagpapatupad ng pambansang minimum na sahod at dagdag sa sahod. Kinukundena nila ang malawakang kontraktwalisasyon at barya-baryang pasahod sa mga manggagawa.

Binatikos nila ang desisyon ng gubyernong Aquino na iayon ang sahod sa hangganan ng kahirapan. Ayon kay Rea Alegre ng All Workers' Unity, ang sahod ngayon ay di na nakabatay sa kailangan ng pamilya para mabuhay nang disente kundi para lang panatilihin sila sa bingit ng kahirapan.

Ginunita rin ng mga manggagawa ang unang buwan ng masaker at marahas na pagbuwag sa rali ng mga magsasaka sa Kidapawan, North Cotabato noong Abril 1.

Mula sa Mendiola, nagmartsa ang bulto ng mga demonstrador patungong embahada ng US habang dumadagundong ang sigaw na "Kamatayan sa imperyalismo!"



Hinahadlangan ng imperyalismong US ang tunay na repormang agraryo at industriyalisasyon. Kasabwat ang mga papet nito sa Malacañang, ipinatupad ang mga neoliberal na programa na nagpababa sa sahod, nag-alis ng katiyakan sa trabaho, nagbaklas sa mga pamantayan para sa ligtas na pagtatrabaho at nagkait ng batayang serbisyo sa mamamayan. Nagpaabot rin ng pakikiisa ang mga pulitiko at alyansa ng mga manggagawa sa ibang bansa.

Naglunsad ng katulad na programa sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Mahigit 40,000 Bicolano ang naglunsad ng pagkilos sa iba't ibang prubinsya ng rehiyon. Pinakamalaki rito ang rali sa Masbate na nilahukan ng 23,000 demonstrador.

Samantala, nagtipon sa Magsaysay Park sa Davao City ang mga unyon sa ilalim ng KMU-Southern Mindanao. Mahigit 6,000 manggagawa at kanilang mga tagasuporta ang lumahok sa pagtitipon.

Sa Panay, mahigit 12,000 katao ang lumahok sa protesta. Kabilang dito ang 4,500 na nagrali sa Roxas City sa Capiz at ang 5,000 nagtipon sa plaza ng Jaro sa Iloilo City.

Nagkaroon naman ng programa ang may 2,000 manggagawa mula sa Misamis Oriental at Bukidnon para igiit ang katiyakan sa trabaho at pagpapataas ng sahod.

Sa pangunguna ng PAMANTIK-KMU, naglunsad ng programa sa Calamba, Laguna ang ilang libong manggagawa ng Southern Tagalog. Dala-dala nila ang pitong piye na *effigy* ni Aquino na nakapaloob sa isang bilangguan. Tinagurian nila itong "Massacre King."

"Ang mga patakarang neoliberal ng rehimeng Aquino ang nagmasaker sa mga manggagawa at mamamayang Pilipino, hindi namin papalampasin ang pagsisinungaling at kasalanan nito sa mamamayan," ayon kay Allan Bagas, pangkalahatang kalihim ng PAMANTIK-KMU.

Nagkasa rin ng pagkilos ang mga manggagawa at sektor sa Cordillera, Central Luzon, Eastern Visayas, Central Visayas, Caraga at SOCSKSARGEN.

**Pinakahuling mga tagumpay**

Sa Araw ng Paggawa, ipinagdiwang din ng mga manggagawa ang pinakahuli nilang mga tagumpay. Noong Abril 26, matagumpay na naigiit ng mga manggagawa ng TV5 ang pagpapataas ng sahod nang hanggang P4,500 sa susunod na tatlong taon sa kanilang CBA *(collective bargaining agreement).* Naipaglaban din nila ang dagdag na subsidyong bigas at pagpapababa ng interes sa pautang ng kumpanya para sa edukasyon. Ayon kay Vladimir Martin, pangulo ng unyon, nagkamit rin sila ng pampulitikang tagumpay gaya ng bagong upisina ng unyon, *union leave* at pagtanggal ng mga naitalang paglabag ng mga empleyado sa Code of Conduct.

Noon ding April 26, lumabas ang pinal na desisyon ng National Labor Relations Commission na kumikilala sa katayuang regular ng mahigit 100 kasapi ng Talents Association of GMA ng higanteng kumpanya ng telebisyon. Ito ay matapos ang mahigit isang taong pakikibaka ng mga manggagawa laban sa kumpanya.

**Sa ibang bansa**

Ginunita rin ng mga manggagawa sa iba't ibang panig ng mundo

ang Araw ng Paggawa.

Sa US, idinaos ang mga martsa sa iba't ibang syudad. Sa Seattle, marahas na binuwag ang hanay ng mga manggagawang kumukundena sa kapitalismo.

Sa France, libong kabataan, manggagawa at kanilang mga pamilya ang naglunsad ng mapayapang pagtitipon sa iba't ibang siyudad ng bansa. Mariin nilang tinututulan ang batas na nagpapahaba sa oras ng paggawa at nagpapahintulot sa mga kumpanya na mas madaling tanggalin ang mga manggagawa. Tinatayang 3.2 milyon ang walang trabaho sa bansa.

Sa Turkey, isa naman ang napatay matapos marahas na buwagin ng kapulisan ang hanay ng libong demonstrador sa Istanbul. Umabot sa 200 ang inaresto ng mga pulis.

Nagkasa naman ng pambansang welga ang dalawa sa pinakamalalaking unyon sa bansa ng Greece laban sa programa ng pagtitipid ng gubyerno na nagdudulot na ng pagkaantala ng mga serbisyo publiko. Mahigit 27% ng mga manggagawa ang walang trabaho rito.

Sa Germany, nagmartsa ang mga organisasyon at unyon upang suportahan ang kahilingan para sa pantay na mga kundisyon sa paggawa at minimum na sahod.

Sa South Korea, puu-puong libong manggagawa ang nagtipon sa Seoul para ipanawagan ang dagdag-sahod at tuligsain ang kontra-manggagawang reporma ng kanilang gubyerno.

Sa Bangladesh, naglunsad ng pagkilos ang mga manggagawa ng tela para sa pagpapabuti ng kundisyon sa paggawa sa harap ng serye ng mga pagguho ng mga pabrika sa bansa.

Naglunsad rin ng katulad na pagkilos ang mga unyon at alyansa ng manggagawa sa Japan, Hongkong, Indonesia, Russia, Cuba, Chile, Portugal, Bolivia, India at iba pa. AB

# Ang kabulaanan ng minimum na sahod ng reaksyunaryong estado

Sa nakaraang mahigit tatlong dekada, ipinagkait ng reaksyunaryong estado ang karapatan ng mga manggagawa sa minimum na sahod. Masahol pa, ginagawa nito ang lahat para higit pang ibaba ang arawang sahod.

Noong Mayo 1, idineklara ng rehimeng Aquino na napantayan na ng 137 panrehiyong minimum na sahod ang hangganan ng karalitaan (*poverty threshold*). Ipinahayag din nito na dahil sa sistemang dalawang-andanang pasahod, mas maraming manggagawa na ang nakalampas sa karalitaan.

Ang hokus-pokus ng mga numerong inilalabas ng reaksyunaryong gubyerno ay walang kinalaman sa tunay na kalagayan ng mga manggagawa. Inilalabas ang mga ito pangunahin para linlangin at patahimikin ang mamamayan.

Kahit ang "Pinggang Pinoy" na itinakda ng Food and Nutrition Research Institute ng Department of Science and Technology noong 2014 upang maging batayan ng sapat na sustansya sa bawat kain ay hindi rin sinunod ng gubyerno sa pagkwenta ng gastos sa pagkain. Ang isda, karne o itlog ay pinalitan ng munggo, ang apat na pirasong pandesal ay paliit nang paliit, upang mapababa nang husto ang sinasabing "sapat" na pagkain kung saan hindi na ituturing na mahirap ang isang pamilya.

Pana-panahong binabago ng gubyerno ang ginagamit na batayang pangangailangan para mabuhay, upang maipagmalaki nitong bumababa ang bilang ng mahihirap sa bayan. Hindi ang minimum na sahod ang itinaas para malutas ang karalitaan, kundi ang itinakdang *poverty threshold* ang labis na ibinaba upang magsalubong sa dati nang mababang sahod.

Ang sahod ng mga manggagawa ay itinatakda ng tunggalian ng mga manggagawa at ng mga kapitalista. Sa labanang ito, iginigiit ng mga manggagawa na itakda ang sahod sa batayan ng kanyang pangangailangan at kanyang pamilya para sa disenteng pamumuhay.

Karaniwang tinatawag itong nakabubuhay na sahod o *living wage*. Sa pandaigdigang konsensus na tinipon ng International Labor Organization, sakop ng nakabubuhay na sahod ang gastusin para sa sapat na pagkain, tubig, pabahay, edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, pamasahe, kasuotan, at iba pang esensyal na pangangailangan pati na ang kaunting ipon o reserba para sa mga hindi inaasahang pangyayari sa pamilya.

Sa Pilipinas, kinwenta ng Ibon Foundation na umaabot sa P1,090 ang gastusing ito sa bawat araw batay sa mga presyong itinakda ng National Statistics Office at ng bilis ng pagtaas ng mga presyo ng bilihin. Sa gayon, kulang na kulang ang P481 na arawang minimum na sahod sa NCR para tustusan ang arawang gastusin kahit pa dalawang tao sa bawat pamilya ang may regular na trabaho.

Kahit kailan ay hindi umabot ang minimum na sahod sa antas ng disenteng pamumuhay ng mga manggagawa at kanilang mga pamilya, ni sa pag-angat man lamang sa kanila mula sa bingit ng kahirapan. Kahit ang 2013 na ulat ng National Statistics Coordination Board ay nagsasabing 28% ng mga Pilipino ang nabubuhay sa labis na karalitaan. Ipinakikita ng kada-tatlong-taong ulat nito na hindi lumiliit ang bilang ng mahihirap. Hanggang 2016, habang tumataas ng barya-barya ang minimum na sahod, mabilis na dumoble ang presyo ng mga batayang pangangailangan.

Sa ngayon, ipinako ng mga rehiyunal na *wage board* ang mga arawang sahod mula P217 (MIMAROPA) hanggang P481 (NCR) . AB

# "Endo" at iba pang porma ng kontraktwalisasyon

Walang kontraktwalisasyon sa SM—ito ang kabulastugang tugon ng anak ng may-ari ng SM na si Harley Sy matapos mangako ang limang kandidato sa pagkapresidente na tatapusin nila ang kontraktwalisasyon. Sa partikular, wawakasan diumano nila ang sistemang "Endo" (*end-of-contract*) na laganap ngayon sa buong bansa. Hindi raw kontraktwal kundi mga manggagawang "seasonal" o depende sa okasyon, na ani Sy ay hindi naman ipinagbabawal sa batas.

Tinuligsa ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang kasinungalingang ito. Anang KMU, noon pang dekada 1990, umaabot na sa 92% ng mga manggagawa ng SM ang kontraktwal. Ang mga "seasonal" na manggagawa na binabanggit ni Sy ay halos buong taon ding nagtatrabaho sa kumpanya—mula Pasko, tungong Bagong Taon, Valentine's Day, Graduation Day, Mother's Day at kung anu-ano pang mga "okasyon." Dalawa hanggang tatlong buwan lamang ang paulit-ulit na kontrata at pag-"endo" sa kanila.

Duda ang KMU na maipatutupad ng sinumang mananalong presidente ang pagpapatigil ng Endo nang walang malinaw na paninindigang baklasin ang mga batayan nito. Pinakatalamak ang sistemang Endo sa mga *export-processing zones,* kung saan ang mababang pasahod at walang obligasyong magbigay ng mga benepisyo ay isa sa mga insentibo ng mga dayuhang mamumuhunan.

Sa pamamagitan ng kontraktwalisasyon, tinitiyak ng reaksyunaryong estado ang pinakamalaking kita ng mga kapitalista habang pinananatiling sunud-sunuran ang mga manggagawa. Ito ang nasa kaibuturan ng neoliberal na programa ng liberalisasyon at deregulasyon sa kalakalan at serbisyo.

Saklaw ng sistemang Endo ang mga manggagawang *probationary*, kaswal, iniempleyo batay sa proyekto at/o komisyon at *seasonal* sa sektor ng industriya at serbisyo. Mayroon namang mga kontraktwal na walang pinipirmahang kontrata, tulad ng mga aprentis, *on-the-job* o nasa *dual training* tulad ng mga estudyanteng nars at gradweyt ng TESDA, *part-time*, mga sinasahuran batay sa bilang ng oras ng trabaho o dami ng nilikhang produkto (*piece-rate*), mga *reliever* at mga "emergency" o *on-call* sa mga kumpanya.

Sa mga *call center*, karaniwan ang "account-based" o yaong mga manggagawang ineempleyo ayon sa kontrata sa pagitan ng kumpanya at kliyente nito. Karaniwang sinisisante ang mga manggagawa rito kahit hindi pa natatapos ang isang "account."

Kontraktwal din ang mga manggagawang dumaraan sa mga ahensya ng paggawa o mga kontraktor at hindi direktang iniempleyo ng kumpanya. Halimbawa nito ang mga "talent" ng malalaking network ng telebisyon. Hindi sila ibinibilang sa regular na lakas-paggawa ng kumpanya, kundi mga "regular" ng ahensya. Iniempleyo sila sa ilalim ng sistemang 5-5-5 kung saan pinapipirma sila sa limang-buwan, sinisisante bago pinapipirma sa dalawa pang limang-buwang kontrata bago sila maging *"open contract worker*" o mga kontraktwal na walang taning ang kontrata. Sa pamamagitan nito, naiiwasan ng mga kumpanya ang obligasyong gawin silang regular kahit ilang taon na sila sa kumpanya.

Sa maraming pagkakataon, iisang kapitalista ang may-ari ng kumpanya at mga ahensyang kinukunan nila ng mga empleyado. Noong 2012, pinagtibay ng rehimeng US-Aquino ang sistemang ito sa pamamagitan ng DOLE Order 18-A na lalong kumilala sa mga ahensya sa paggawa at nagligtas sa malalaking kumpanya sa kanilang responsibilidad bilang pangunahing employer.

Anumang pangakong ipatitigil ang kontraktwalisasyon ay mapapako lamang kung hindi kikilalanin ang iba't ibang porma nito at ibasura ang kaayusang nagpapanatili rito. AB

## Barikada kontra kontraktwalisasyon, isinagawa

NAGBARIKADA ang mga manggagawa ng Nakashin-Davao sa harap ng upisina nito sa Davao City noong Abril 21 para iprotesta ang arbitraryong pagtatanggal sa kanila. Ang Nakashin ay isang kumpanyang Hapon na nag-aangkat ng pagkain, partikular ng saging.

Noong Abril 9, tinanggal ng maneydsment ang 75 manggagawa na tumangging pumirma sa blankong *waiver* at *quit claim.* Ayon sa mga manggagawa, halos tatlo hanggang walong taon na silang nagtatrabaho sa kumpanya. Kung pipirma sila sa *waiver* at *quit claim,* nangangahulugan itong pinuputol na nila ang kanilang tagal ng serbisyo sa Nakashin.

"Dapat regular na manggagawa na kami, ngayon gusto nila kaming bumalik sa zero," ani Lester Millado, pangulo ng Nagkahiusang Mamumuo sa Nakashin (NAMANA).

Nagsampa na ng kaso ang NAMANA noong December 2015 laban sa kumpanya dahil bigo itong magbayad ng nararapat na Service Incentive Leave sa mga manggagawa. Ngunit sa halip na dinggin ang hinaing ng mga manggagawa, iginiit pa ng upisyal ng Department of Labor and Employment na tanggapin na lamang nila ang mababang alok ng kumpanya.

Hindi na rin bago sa kumpanya ang pagtatanggal ng manggagawa. Noong Enero, may 15 manggagawa na ang tinanggal. Sa 300 manggagawa ng Nakashin, 20 lamang ang regular. AB

# 18 sundalo, patay sa opensiba sa Northern Samar

Labing-walong sundalo ang patay at apat ang sugatan sa mga tropa ng 20th IB sa mga opensiba ng BHB sa buwan ng Abril. Nagpugay ang BHB-Eastern Visayas (Efren Martires Command) sa BHB-Northern Samar (Rodante Urtal Command) sa magiting na mga opensiba nito laban sa 8th ID.

Ayon kay Ka Karlos Manuel, "namamayagpag ang militarisasyon sa Northern Samar ngayon bilang huling buga ng papaalis na rehimeng US-Aquino."

Sa katunayan, mula pa Pebrero ay garapal na nilalabag ng militar ang internasyunal na mga batas ng digmaan sa pagkakampo nila sa gitna ng mga barangay sa San Miguel at Perez sa Las Navas, at sa Sta. Fe, Anongo, Layug at Calingnan sa Catubig."

Bilang tugon, pinasabugan ng isang yunit ng BHB ng *command-detonated explosive* ang komboy ng tatlong trak ng militar sa Barangay Sta. Fe, Catubig, bandang 11:30 ng umaga noong Abril 20. Limang sundalo ang agad na napatay at tatlo ang sugatan na dinala sa Catubig.

Noong Abril 19, inisnayp ng BHB ang isang sundalo sa Barangay Perez, Las Navas, bandang alas 10:30 ng gabi. Walang-pakundangang pagpapaputok ang ganti ng mga pasistang sundalo na nagresulta sa pagkasugat ng isang sibilyan.

Noon namang Abril 17, hinaras ng BHB-Rogelio Bantilo Command ang isang yunit ng 20th IB na nakabase sa gitna ng Barangay Tagab-iran, Las Navas. Napatay sa operasyon si M/Sgt. Gorota.

Apat na sundalo naman ang napatay noong Abril 8 at tatlo noong Abril 9 sa mga operasyong haras na isinagawa ng mga Pulang mandirigma ng Silvio Pajares Command laban sa mga sundalong nakakampo sa Barangay Osmeña at Barangay Bagakay sa bayan ng Palapag.

Noong Abril 6, apat na sundalo ang patay at isa ang sugatan nang maagaw ng BHB ang inisyatiba sa isang engkwentro sa pagitan nito at ng mga elemento ng Bravo Coy, 20th IB sa Barangay Catotoogan, Las Navas, bandang 7:30 ng umaga. Dahil sa kahihiyan, pinalabas ng 20th IB na may napasok silang kampo ng BHB at nakakuha diumano sila ng mga bakpak at baril. AB



### 6 na armas, nasamsam sa Davao

TINAMBANGAN ng mga Pulang mandirigma ng 3rd Pulang Bagani Company ang magkasanib na mga tropang nag-ooperasyon mula sa 2nd Scout Rangers Company at 84th IB sa Sityo Colorado, Barangay Sibulan, Toril, Davao City, bandang alas-10 ng umaga noong Abril 25. Nasamsam ng BHB ang dalawang M4 Remington rifle, apat na pistolang kalibre .45 at ilang bala. Tatlong sundalo ang napatay at ilan pa ang nasugatan.

Ayon kay Rigoberto F. Sanchez, tagapagsalita ng BHB-SMR, ang isinagawang taktikal na opensiba ay tugon sa pagpatay ng mga Scout Rangers sa isang 11-taong gulang na batang lalaki noong Abril 1 sa Barangay Baracatan, Toril.

# Mga bihag ng digma, pinalaya sa Mindanao

Walong bihag na pulis at tatlong sundalo ang pinalaya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) mula huling linggo ng Abril sa magkakahiwalay na lugar sa Mindanao.

Noong Mayo 4, ipinasa ng BHB sina SPO3 Warren Coñales ng Impasug-ong Police Station at PO3 Edwin Castor ng Wao Police Station kay Bukidnon Provincial Police Office Director S/Supt. Reynaldo Pedulla sa pamamagitan nina Archbishop Antonio Ledesma, at Iglesia Filipina Independiente Bishop Felixberto Calang. Ito'y matapos makipag-usap sa BHB ang lokal na mga *crisis committee* ng Bukidnon at Lanao del Sur. Ang mga pulis ay dinakip sa pang-eleksyong tsekpoynt na itinayo ng BHB sa bayan ng Impasug-ong, Bukidnon, noong Abril 3.

Noong Mayo 3, pinalaya sina Pfc. Devin Tawide at Glenn Austria sa isang bukiring bahagi ng San Luis, Agusan del Sur. Dumalo rito si Davao City Mayor Rodrigo Duterte. Sina Tawide at Austria ay nadakip sa tsekpoynt sa Brgy. Lower Olave, bayan ng Buenavista, Agusan del Norte kasabay ng mga tsekpoynt na ginanap sa iba't ibang lugar ng Mindanao.

Pinalaya naman noong Abril 26 si Army Private First Class Edgardo Hilaga sa Tulunan, North Cotabato. Sa harap ng mamamayang nagtipon sa barangay plaza, inentrega sa kamay ni Mayor Duterte si Hilaga limang

araw mula nang siya ay mabihag sa pang-eleksyong tsekpoynt na isinagawa ng BHB-Front 72, Mount Alip Sub-Regional Command noong Abril 21.

Ayon kay Hilaga, na tropa ng Charlie Company ng 7th IB, 602nd Brigade, mabuti siyang tinrato ng BHB at ibinigay ang lahat niyang pangangailangan. Ipinaliwanag ni Efren Aksasato, tagapagsalita ng National Democratic Front-Far South Mindanao Region, na pinalaya si Hilaga dahil wala siyang kaso ng pang-aapi sa mamamayan at dahil maagap na umugnay sa kanila ang lokal na pamahalaan ng Makilala at iba pang taong simbahan para makipag-usap.

Pinalaya rin ng BHB sa Davao ang limang bihag na pulis noong Abril 25. Sa isang seremonya sa gym ng Barangay Lumiad sa Paquibato, inentrega ng 1st Pulang Bagani Battalion si Chief Insp. Leonardo V. Tarongoy, *station commander* ng Paquibato Police Station; sina PO3 Rosenie L. Cabuenas; PO3 Rudolf Pacete; PO3 Abdul Azis A. Ali Jr.; at PO2 Neil C. Arellano kay Mayor Rodrigo Duterte, sa harap ng daan-daang residente at ng tagapamagitan na si Reverend Jurie Jaime ng Exodus for Justice and Peace. Binasa sa okasyong ito ang kautusan para sa pagpapalaya ng National Democratic Front-Southern Mindanao.

Ang kautusan ay pinirmahan ng mga bihag, ni Mayor Duterte, ng BHB, at ni Rev. Jaime.

Ang limang pulis ay nabihag nang magtangka silang rumesponde noong Abril 16 ilang oras matapos ang pagsalakay ng BHB sa isang detatsment ng Philippine Army-CAFGU sa Barangay Salapawan, Paquibato, Davao City. Pinalaya na rin si SPO4 Rene Rombo ng Kinoguitan Police Station ng Misamis Oriental, na nadakip sa isa sa mga sabay-sabay na tsekpoynt pang-eleksyon na inilunsad ng BHB noong Abril 3. AB

# Pagsasanay medikal para sa digmang bayan

Makabuluhang mga hakbang ang iniaambag ng mga medik ng BHB tungo sa pagpapaigting ng digmang bayan. Kaya naman tuluy-tuloy ang pagpupunyagi sa pagsasanay ng libu-libong mga medik sa buong bansa.

Nitong maagang bahagi ng taon, inilunsad sa isang larangang gerilya ang isang una at pangalawang antas ng pagsasanay medikal sa Bicol sa loob ng halos 30 araw.

Iniluwal sa mga pagsasanay na ito hindi lamang ang bagong mga medik na may mataas-taas nang kasanayan sa panggagamot. Pinagtibay din nito sa lumahok na mga Pulang mandirigma ang higit na pagpapasigla ng kanilang papel sa kabuuang martsa ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa palagay ni Ka Joel, isa sa mga beteranong medik na nangasiwa sa treyning, ang mas pinahusay na paggampan ng mga medik ng hukbo ang tugon ng kanilang yunit sa direksyon ng estratehikong pagkakapatas. "Liban pa sa karaniwang serbisyo sa hukbo at masa tulad ng paggamot ng mga karaniwang sakit, tinatanaw din natin na sa pag-igting ng gera, hindi na lamang pag-akupangtura o pagbunot ng ngipin ang magiging gawain natin," anya.

Tinukoy ni Ka Joel ang pangangailangang magpalitaw ng mga kombat medik. "Reyalidad ng digma na may masusugatan, kaya mahalagang matuto ang mga medik natin sa paggamot sa iba't ibang tipo ng tama ng bala. Ngayon ay nagsimula tayo sa menor na operasyon. Sa mga darating na panahon, kailangan tayong magsanay sa pag-opera ng mga tama ng bala."

Sa mahigit tatlong dekadang pagiging medik ni Ka Joel, hindi iilang ulit na siyang naglapat ng paunang lunas habang nasa gitna ng putukan. Mahabang karanasan na ang nagturo sa kanya na ang mga kumplikasyon sa sugat ay madaling maiwasan kung may kaalaman ang medik sa tamang pag-asikaso ng mga pinsala.

Binigyang-diin din ni Ka Joel ang pag-asikaso sa kalusugang pangkaisipan bilang mahalagang tulong sa pag-alalay sa mga kasama at sa masang nakararanas ng *trauma* o mga sakit sa pag-iisip resulta ng mga labanan, o kaya'y militarisasyon sa mga baryo. Kaya naman sa mga lektura hinggil sa paggamot sa mga sakit sa pag-iisip, minarapat nina Ka Joel na maging ang mga upisyal sa pulitika ng hukbong bayan ay matuto ng wastong mga pamamaraan sa pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan ng mga pwersa.

Sa isinagawang mga lektura at workshop, tinipon ang mga Pulang mandirigma na may mga parehong dinaranas na kahirapan sa isip. Nilayon nitong magkaroon ang mga medik ng kaisahan sa pamamaraan ng pag-



harap sa gayong mga kaso. Maging ang mga taumbaryo na dumanas ng matinding militarisasyon ay balak ding tipunin ng mga medik para sa parehong layunin.

Kung tatanungin naman ang mga naging estudyante sa treyning, pagsasapraktika ng mga itinuro sa lektura ang pinakamabisang paraan para mapaunlad ang gawaing medikal. Magkahalintulad ang palagay nina Ka Arby at Ka Ric: kapag tuluy-tuloy na naisasapraktika, umuunlad ang kaalaman.

"Iba kapag aktwal nang nag-oopera," ani Ka Arby. "May mga detalye na hindi naituturo sa mga lektura, halimbawa'y ang pagkabihasa ng pihit ng kamay sa pag-opera o pagbunot ng ngipin." Dagdag naman ni Ka Ric, kapag palaging nagrereseta o nanggagamot, napahuhusay umano ang pagkuwenta sa ipaiinom na gamot, o maging ng iturok na *anesthesia*. Bahagi pa ng programa ng mga medik ang pagtatala ng lahat ng kasong makakaharap nila, positibo man o negatibo ang resulta ng naging aksyon.

Anu't anuman, hindi lamang umano sa panggagamot dapat magpakahusay ang mga medik. Mahalagang tungkulin din nila ang pagpapagana sa mga komite sa kalusugan ng mga organisasyong masa bilang makinarya sa pagtatayo ng mga gerilyang ospital sa kanayunan. Dagdag pa ni Ka Joel, "dahil makilos ang hukbo, maaari nang iwan sa pangangalaga ng mga komite sa kalusugan ang mga pasyente matapos lapatan ng paunang lunas. Ang mga komite rin ay makakapagpaunlad ng mga ugnay na duktor at pasilidad sa bayan o syudad kung kailangan."

Ang gayong pagpapasigla sa organisasyon ay isa lamang sa mga tinatanaw ni Ka Joel at ng iba pang mga medik ng BHB. Nauunawaan niya na hindi sapat na magtukoy lamang ng mga kasamang may interes sa gawaing medikal at bigyan sila ng mga kaukulang pagsasanay. Dapat kasabay nito ang pag-aarmas sa kanila ng angkop na mga kagamitang medikal para mas epektibo nilang magampanan ang gawain.

Pagtatapos ni Ka Joel, mahalaga ring mapunuan ang mga istap sa medikal sa iba't ibang antas ng organisasyon sa mga teritoryo. Ang mga kolektibong ito ay hindi lamang magbibigay ng partikular na pansin sa gawaing medikal mula sa antas ng rehiyon hanggang sa mga baryo, at magbubunsod ng kilusang masa sa pangangalaga sa kalusugan. Matitiyak din nitong tuluy-tuloy na napauunlad ang kapasyahan ng mga medik upang umabante sa pagbibigay serbisyo sa kapwa mga mandirigma at sa mamamayan. AB

# Apat na sibilyan, pinatay ng mga sundalo

Sa loob lamang ng anim na araw noong huling linggo ng Abril, nagtala ng limang kaso ng paglabag ang mga armadong pwersa ng rehimeng Aquino na bumiktima ng hindi bababa sa 207 sibilyan. Apat na sibilyan ang pinatay, may 100 sibilyan ang tinakot, anim na lumad ang pinagbabaril, 98 magsasaka ang dinahas, at apat sa mga ito ang iligal na inaresto. Dagdag ang bilang na ito sa mahigit 500,000 biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao mula nang maghari si Aquino.

**Bukidnon.** Napatay matapos pagbabarilin ng mga sundalo sina Michael Sib-ot at Edjan Talian, anim na taong gulang, sa kanilang komunidad sa Sityo Kaulayanan, Talakag noong Abril 27. Nag-iigib ang batang si Edjan nang tamaan siya sa pamamaril ng mga sundalo na noo'y walang patumanggang nagpapaputok sa mga residente at kanilang mga bahay. Si Sib-ot naman ay binaril nang magtangka siyang sumilong sa kanilang simbahan matapos akusahan siyang may dalang baril. Matapos nito, pwersahang pinapipirma ng mga sundalo ang mga kamag-anak ng mga biktima para iabswelto ang militar sa kanilang krimen. Pwersahan din silang pinasasapi sa mga organisasyon ng reaksyunaryong gubyerno. Tumanggi ang mga kamag-anak sa parehong pagkakataon.

**Camarines Sur.** Pinatay ng mga elemento ng 49th IB ang magniniyog na si Rolan Lonin Casiano ng Barangay Lower Sta. Cruz, Ragay, Camarines Sur noong Abril 27 ng gabi. Si Casiano, 32 taong gulang, ay organisador ng Camarines Sur People's Organization.

Ayon sa Karapatan-Bicol, nang gabing iyon ay nakikipaglamay si Casiano at saglit na lumabas. Dumating ang may 15 sundalo, habang ang lima pa ay tumungo sa kalapit na ilog at doon nag-abang sa kanya. Isang tama ng bala sa tagiliran ang ikinamatay ng magsasaka.

Ang iba pang nasa burol at mga kalapit bahay ay tinakot naman ng mga sundalo. Ang mga kalalakihan ay pinaghubad ng damit pang-itaas at pinadapa, samantalang ang kababaihan at mga bata ay ikinulong naman sa dalawang maliliit na kuwarto. Pinigilan ding lumabas ng kani-kanilang mga tahanan ang tatlong pamilyang kapitbahay. Ayon pa sa Karapatan-Bicol, aabot sa may isandaang indibidwal ang naroon sa pangyayari at ipinailalim ng 49th IB sa gayong pananakot. Narinig nila nang barilin si Casiano at ang pag-ungol nito.

Kinabukasan matapos ang pagpaslang kay Casiano at pananakot sa mga residente ng barangay, nagkorus ang AFP Southern Luzon Command, ang 49th IB, pati na rin ang PNP-Ragay sa pagpapahayag na nagkaroon umano ng engkwentro sa lugar at napatay ang isang kasapi ng BHB. Si Casiano ang ika-65 biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay sa Bikol sa rehimen ni Noynoy Aquino.

**Surigao del Norte.** Namatay si Datu Arnel Nayer nang pagbabarilin ng mga sundalo ng 30th IB at 29th IB ang anim na lumad mula sa tribong Mamanwa sa Bara-

ngay Camam-onan, Gigaquit, Surigao del Norte noong Abril 24, bandang ala-una ng hapon. Nasugatan din sa insidente si Lino Mansumay.

Nangunguha ng kamote sa kanilang mga bukid ang mga lumad nang abutan ng sampung sundalo. May 20 metro lamang ang layo ng grupo ni Datu Arnel sa mga sundalo nang sila ay pagbabarilin. Nakatakbo ang lima habang naiwan naman si Datu Arnel. Kinabukasan na nakuha ang bangkay ng lider katutubo, malayo sa pinangyarihan ng pamamaril. Inilibing ng mga sundalo ang katawan ni Datu Arnel sa isang mababaw na hukay at tinabunan ng lupa at mga tuyong dahon.

Ayon sa grupong Kahugpungan sa mga Lumadnong Organisasyon sa Caraga (Kasalo-Caraga), si Datu Arnel ay matatag na lumalaban sa pang-aagaw ng gubyerno sa kanilang lupaing ninuno mula pa noong 2013. Target ang Gigaquit na pagminahan ng karbon. Dagdag pa ng Kasalo-Caraga, "patuloy na pinapatay ng rehimeng Aquino ang mga lumad sa mga kabundukang tineterorisa ng mga sundalo."

Sa datos ng Karapatan noong Marso 2016, sa 318 biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang sa ilalim ng rehimeng Aquino, 89 sa mga ito ay mga katutubo, at 152 ang mula sa Mindanao.

**Isabela.** Marahas na binuwag ng mga pulis at goons noong Abril 26 ang kampuhan ng may isandaang magsasakang kasapi ng Danggayan dagiti Manalon ti Isabela (Dagami)-Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Itinayo ng mga magsasaka ang kampuhan sa Brgy. Mambabanga, Luna upang igiit ang kanilang pagmamay-ari sa lupaing inaagaw ng panginoong maylupa at dating alkalde ng Luna na si Manuel Tio.

Ayon sa Dagami-KMP, kinasabwat ni Tio ang mga ahensya ng gubyerno at ginamit ang impluwensya bilang meyor upang palsipikahin ang mga papeles ng pagkakasanla ng lupa at palabasing ibinenta na ito sa kanya. Mayroong 20 pamilyang magsasaka ang matagal nang nagpayaman ng lupa mula pa noong dekada 70.

Pinamunuan mismo ni Tio ang mga pulis at kanyang mga goons sa marahas na pagbuwag sa kampuhan. Kabilang sa mga nasaktan ang ilang menor de edad na anak ng mga magsasaka. Kinumpiska din ang mga kagamitang pambahay ng mga magsasaka, pati pagkain at pera. Apat na magsasaka naman ang iligal na inaresto at kinasuhan ng trespassing.

**Northern Samar.** Pinatay ang aktibistang si Emil Go noong Abril 29 sa bayan ng Palapag. Si Go ay aktibong myembro ng Makabayan na kabilang sa mga pwersang lumalaban sa dinastiyang Ong sa prubinsya.

Ayon kay Fr. Santiago Salas ng National Democratic Front-Eastern Visayas, ang pamilyang Ong ang utak sa pagpatay kay Go. Aniya, tinarget si Go dahil sa pagsuporta nito sa “bagong pulitika” ng Makabayan. Kilala ang pamilyang Ong sa masugid na pag-empleyo ng *goons* sa mga iligal na aktibidad nito, gayundin sa pagbayad sa 803rd IB para ipagtanggol ang mga interes ng kanilang mga pamilya. Iniimbestigahan ngayon ng Bagong Hukbong Bayan sa lugar ang insidente. AB

---

**Panama Papers**

# Korapsyon sa panahon ng neoliberalismo

Isinapubliko nitong Abril 3 ang tinaguriang Panama Papers, ang kulumpon ng mahigit 11 milyong dokumentong nagdedetalye sa pag-aari at operasyon ng 214,000 kumpanyang gamit ng matataas na upisyal at personalidad sa iba't ibang bansa para itago ang bilyun-bilyong dolyar ng nakaw na yaman. Ang pagbubunyag ay ginawa ng International Coalition of Investigative Journalists (ICIJ).

Kabilang sa mga inilantad ng Panama Papers sina Prime Minister Vladimir Putin ng Russia, President Bashar Assad ng Syria at President Xi Jin Ping ng China. Pinangalanan din si Prime Minister Sigmundur David Gunnlaugsson ng Iceland, President Petro Poroshenko ng Ukraine, ang pinatalsik na lider ng Libya na si Mohammar Gaddhafi at ng Egypt na si Hosni Mubarak.

**Piling paglalantad ng US**

Ang Panama Papers ay bahagi ng taktikang pampulitika ng US ng paggamit sa usapin ng korapsyon upang ipitin, idiin o pasunurin o patalsikin ang mga lider na kumokontra o hindi lubos na sumusunod sa dikta ng US. Bahagi ito ng Organized Crime and Corruption Reporting Project na pinopondohan ng USAID.

Bahagi ng proyektong ito ang grupong ICIJ na pinopondohan ng Ford Foundation at ng ispekulador sa pinansya na si George Soros. Binubuo ito ng mga kilalang maka-US na mamamahayag.

Ang mga lider na inilantad ng Panama Papers ay pawang mga lider ng mga estadong hayagang kumokontra sa US o idinidiin nitong sumunod sa mga utos nito.

Ang mga dokumentong pinagbasehan ng mga pagbubunyag ay sinasabing kinuha sa Mossack Fonseca, kumpanya ng mga abugado sa Panama City. Nag-eespesyalisa ito sa pagtatayo ng mga gawa-gawang korporasyon para sa pinakamayayamang indibidwal o organisasyon sa buong mundo, kabilang ang mga kriminal na sindikato, para paglagakan ng nakaw na yaman. Ang bansang Panama ay matatagpuan sa South America. Kilala itong “tax haven” dahil halos wala itong sinisingil na buwis kaya paboritong paglagakan ng pinakamayayaman ng kanilang kita.

Wala ni isang upisyal ng US, pinuno ng kaalyado nitong bansa sa Europe at America, at maging upisyal ng mga papet nitong estado, ang pinangalanan sa Panama Papers. Ito ay sa kabila ng mayorya ng mga kliyente ng Mossack Fonseca ay mula sa US at Europe.

Ang tanging alyado ng US sa Europe na pinanagalanan sa Panama Papers ay si Prime Minister David Cameron ng United Kingdom. Idinawit si Cameron dahil ng pagsang-ayon niya sa pagdaraos ng reperendum tungkol sa mungkahing "Brexit" o pag-alis ng Britain sa European Union na mahigpit na tinututulan ng US. Ang pagdawit sa kanya ay nagsisilbi ring babala sa iba pang mga alyado ng US na may tendensyang lumihis sa kagustuhan nito.

Ginagamit ng US ang Panama Papers para siraan ang mga pinunong itinuturing nitong kalaban o mga kaalyadong tinataya nitong hindi na maaasahan. Layunin nitong paypayan ang disgusto ng mamamayan para magbunsod ng mga kontra-gubyernong pagkilos na hahantong sa mga pagpapalit-rehimen *(regime change)*. Hindi bago sa US ang paggamit ng popular na adhikain ng mamamayan bilang dagdag-presyur sa mga rehimeng kontra-US.

**Lumalalang korapsyon sa ilalim ng kaayusang neoliberal**

Sa pamamagitan ng kontroladong pagbubunyag, ginagamit ng US ang isyu ng korapsyon laban sa mga gubyernong nais nitong idiin o patalsikin.

Pinalalabas rin ng US na bahagi ito sa pagtataguyod ng "malinis na gubyerno" at kontra sa korapsyon ng mga "diktador, negosyante at kriminal." Gayunpaman, hindi nito maipagkakaila ang inabot na lawak at tindi ng korapsyon sa matataas na upisyal ng mga gubyernong nasa ilalim ng impluwensya at kapangyarihan nito sa iba't ibang bahagi ng mundo laluna sa nakaraang tatlumpung taon.




Labas sa inilantad ng "Panama Papers," marami nang katiwalian, anomalya at korapsyon sa iba't ibang bahagi ng mundo ang nalantad sa publiko. Hindi ito bago o nahihiwalay sa kapitalistang sistema. Katunayan, lalo itong sumidhi sa ilalim ng kaayusang neoliberal kung saan isinagawa ang malawakang deregulasyon at pribatisasyon ng mga pampublikong ari-arian na nagpabundat sa maraming burukratang nakaupo sa poder.

Sa mga bayang atrasado, ang maluklok sa estado ay direktang daan para sa pagpapayaman ng mga burukrata. Isinasagawa ito sa anyo ng direktang pagnanakaw sa kaban ng bayan at pagpabor sa malalaking kontrata sa mga kamag-anak, kaalyado o pinaburang mga korporasyon. Ang ganitong uri ng korapsyon ay likas sa neoliberal na mga programang tulad ng Public-Private Partnership, na itinutulak ngayon ng imperyalismo sa maraming bansa, kabilang ang Pilipinas.

Sa mga bansang imperyalista, nangahulugan ito ng lalupang pag-arangkada ng pinakamalalaking ispekulador sa pinansya. Dulot ng liberalisasyon at deregulasyon sa kalakalan at pinansya, malaya silang nakakapaglabas-masok sa iba't ibang bansa para humuthot ng pinakamalaking kita at magpalaki ng hawak na kapital. Katuwang ang kanilang mga institusyon sa pinansya at malalaking bangko, palagian silang naghahanap ng mga lugar na pagtataguan ng kanilang yaman habang umiiwas sa pagbabayad ng karampatang buwis.

Sa gayon, habang nananatili ang kaayusang neoliberal, lalupang dadami ang mga kumpanyang katulad ng Mossack Fonseca, at mga bansang katulad ng Panama, na nag-aalok ng "santwaryo" o pagtataguan sa malalaking kapitalista at kanilang kakutsabang mga burukrata. AB

**Abuso laban sa mga batang Palestinian, kinundena**

UMAABOT sa 700 bata at kabataang Palestinian ang kinakasuhan taun-taon ng mga korteng militar ng Israel na umookupa sa bansa. Ito ang pahayag ng organisasyong Defence for Children International Palestine sa kanilang pinakahuling ulat na "No Way to Treat a Child." Ayon pa sa grupo, ang bilang na ito ay dramatiko pang lumalaki.

Tinukoy ng DCI Palestine na mula Oktubre 2015 ay dumami ang kaso ng paglabag ng Israel sa karapatan ng mga bata at kabataang Palestinian. Sa nakaraang 10 taon, 87% ng mga batang Palestinian ay ikinukulong bago at habang dinidinig ang kanilang mga kaso. Tampok din ang kaso ng pagbabartolina na tumatagal nang mahigit isang linggo upang piliting magbigay ng maling testamento ang mga bata at kabataan. Sa pagitan ng mga taong 2012-2015, hindi bababa sa 66 bata at kabataan ang dumanas ng pagbabartolina.

Ayon pa sa DCI Palestine, nagdudulot ng matinding epekto sa mga kabataan ang dinaranas na trauma at pagkukulong sa kanila. Liban pa dito, samu't saring kalupitan din ang ginagawa ng Israel sa mga bata at kabataan, kabilang na ang mga pag-reyd, pambubugbog, pagbabanta at pang-aalipusta, at iba pang pisikal at sikolohikal na pang-aabuso.